American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-12, pp-98-116
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# Antas ng Pagkabalisa sa Pagkatuto ng Wikang Filipino at Kaugnayan nito sa Kasanayang Akademiko: Isang Kwantitatibong Pag-aaral sa mga Mag-aaral

Veamaamor S. Feliciano[1] Rica Jeane Alexa R. Ragudo[2] Marielle E. Alcoseba[3] Khristine Kaye M. Baidiango[4] Sarima A. Sattar[5]
[1]*Bachelor of Secondary Education-Major in Filipino, Western Mindanao State University, Philippines*
[2]*Bachelor of Secondary Education-Major in Filipino, Western Mindanao State University, Philippines*
[3]*Bachelor of Secondary Education-Major in Filipino, Western Mindanao State University, Philippines*
[4]*Bachelor of Secondary Education-Major in Filipino, Western Mindanao State University, Philippines*
[5]*Department of Education, Division of Zamboanga City, Philippines*

***ABSTRACT:*** *This study aims to determine the level of anxiety in learning the Filipino language and to examine its relationship to the academic skills of Junior High School students at the Western Mindanao State University–Laboratory High School. The research employed a quantitative design using the descriptive correlational method and involved eighty (80) selected students who responded to an adapted questionnaire based on the original instrument developed by Bernal (2001). The study examined three forms of anxiety—communication anxiety, fear of negative evaluation, and test anxiety using statistical tools such as weighted mean, Pearson correlation coefficient, and independent sample t-test. The results showed that the students experienced a moderate level of anxiety in learning Filipino. It was also found that although there was a weak but positive relationship between anxiety levels and academic proficiency, this relationship did not reach statistical significance. This indicates that anxiety cannot be considered a strong predictor of students' academic performance in learning the Filipino language. Based on these findings, the study recommends strengthening pedagogical interventions and academic support programs to help reduce anxiety and enhance students' confidence and competence in using Filipino.*

***Keywords -*** *Academic Skills, Filipino Language, Filipino language Anxiety*

**ABSTRAK:** Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tukuyin ang antas ng pagkabalisa sa pagkatuto ng Wikang Filipino at masuri ang kaugnayan nito sa kasanayang akademiko ng mga mag-aaral sa Junior High School ng Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao. Gumamit ang pananaliksik ng kwantitatibong disenyo at *descriptive correlational method*, at nilahukan ito ng walumpung (80) piling mag-aaral na ginamitan ng inangkupan na talatanungang batay sa orihinal na instrumento ni Bernal (2001). Sinuri sa pag-aaral ang tatlong anyo ng pagkabalisa—*communication anxiety*, *fear of negative evaluation*, at *test anxiety* sa pamamagitan ng mga estadistikang kasangkapan tulad ng *weighted mean*, *Pearson correlation coefficient*, at *independent sample t-test*. Ipinakita ng pag-aaral na ang mga mag-aaral ay may katamtamang antas ng pagkabalisa sa pagkatuto ng Filipino. Bagama't may mahina ngunit positibong ugnayan sa pagitan ng pagkabalisa at kasanayang akademiko, hindi ito naging makabuluhan sa estadistika. Ipinahihiwatig nito na hindi matibay na tagapagpahiwatig ng kasanayang akademiko ang pagkabalisa. Kaya, iminumungkahi ang mas pinatibay na suporta at interbensiyong pang-akademiko upang mabawasan ang pagkabalisa at mapalakas ang kumpiyansa ng mga mag-aaral.

***Susing Salita -*** *Akademikong Kasanayan, Pagkabalisa sa Wikang Filipino, Wikang Filipino*

## I. INTRODUKSYON

Batay sa Artikulo XIV, Seksyon 6 ng 1987 Kostitusyon ng Pilipinas, tinagurian ang wikang Filipino bilang Wikang Pambansa ng Pilipinas na kung saan isinaad sa nasabing batas na "Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nililinang, ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na mga wika sa Pilipinas at sa iba pang mga wika."

Ang paggamit ng wikang Filipino ay may mahalagang gampanin lalo na sa iba't ibang larangan ng panlipunan na kinabibilangan ng edukasyon, midya, at pamahalaan. Ang paggamit ng wikang ito sa sistemang pang-edukasyon ay isang mahalagang hakbang sa pagpapalalim ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral kung kaya't ito ang nagsisilbing pangunahing instrumento sa pagpapalakas at pagpapahayag ng kanilang koneksyon sa pambansang identidad.

Ayon kay Virgilio Almario (2017), dating tagapangulo ng Komisyon sa Wikang Filipino, mahalaga na gamitin ng bawat Pilipino ang wikang Filipino sa araw-araw na komunikasyon at hindi lamang sa akademikong larangan. Kaugnay nito, itinadhana ng Batas Republika Blg. 10533 o *Enhanced Basic Education Act of 2013* at ng DepEd Order No. 31, s. 2012 na ang Filipino ay magsilbing isa sa mga pangunahing wikang panturo sa mga paaralan, partikular sa kurikulum ng K-12. Gayunpaman, sa kabila ng mga patakarang ito, nananatiling hamon ang nararanasang pagkabalisa at takot sa paggamit ng wika ng mga mag-aaral, na nagiging hadlang sa kanilang pagkatuto. Sa pag-aaral nina Sandal, Saavedra, Madrazo & Ramos (2022), natukoy na ang pagkakaroon ng pagkabalisa ay nakahahadlang upang mas mapataas ang motibasyon ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng kanilang ikalawang wika. Lumabas na ang mga mag-aaral na mataas ang motibasyon sa pagkatuto ng ikalawang wika ay hindi nakararanas ng pagkabalisa kahit alam nilang mayroon silang pagkakamali sa paggamit ng wika.

Ang pagkabalisa sa wika ay tumutukoy sa damdamin ng pangamba at takot ng mga mag-aaral sa tuwing ginagaamit ang wikang Filipino bilang pangalawang wika. Dahil dito, nahihirapan silang maipahayag ang sarili at makipag-ugnayan nang maayos sa lipunan. Mahalaga ang pag-unawa at pagtugon sa problemang ito upang higit na mapalaganap at mapaunlad ang wikang Filipino, gaya ng binigyang-diin ng dating tagapangulo ng Komisyon sa Wikang Filipino.

Ayon kina Gardner at MacIntyre (1993), ang pagkabalisa sa pagkatuto ng isang wika ay isang sikolohikal na salik na maaaring magdulot ng matinding takot at pangamba sa mga mag-aaral, lalo na kung sila ay inaasahang magsagawa ng mga gawain sa loob ng silid-aralan tulad ng pagsasalita sa harap ng klase, pakikilahok sa talakayan, o pagsulat ng akademikong sanaysay. Ang ganitong uri ng pagkabalisa ay maaaring makaapekto sa kanilang kakayahang maunawaan, iproseso, at gamitin ang wika nang may kumpiyansa, na nagreresulta sa pagbaba ng kanilang kasanyan sa pakikipagtalastasan.

Dagdag pa rito, sa pag-aaral nina Crookall at Oxford (1991), binigyang-diin na ang wika ay isang mahalagang kasangkapan sa komunikasyon, at kung ang isang mag-aaral ay nakararanas ng matinding pagkabalisa sa paggamit nito, maaaring magkaroon ito ng malubhang epekto sa kanilang pagganap at motibasyon sa pag-aaral ng wika. Ipinakita rin sa kanilang pananaliksik na ang mataas na antas ng language anxiety ay maaaring humantong sa pagkakabuo ng negatibong pananaw sa sariling kakayahan, na nagiging sanhi ng pag iwas sa pagsasalita, mababang kumpiyansa sa paggamit ng wika, at kawalan ng interes sa patuloy na pagkatuto.

Bagamat may mga naunang pananaliksik na tumalakay sa pagkabalisa sa paggamit ng Wikang Filipino, hindi pa sapat ang atensyon na naibibigay sa kung paano ito nakaapekto sa kasanayang akademiko ng mga mag aaral. Dahil dito, layunin ng pananaliksik na ito na tukuyin ang antas ng pagkabalisa sa pagkatuto ng wikang Filipino ng mga mag-aaral at alamin ang kaugnayan nito sa kanilang kasanayang akademiko. Ang obserbasyon ito ay napatunayan din sa pag-aaral ni Saavedra (2020), kung saan ang mga mag-aaral na nagpakita ng kahusayan sa kasanayang akademiko ay mas mataas ang kakayahang mapahusay ang ang kanilang kasanayang magsalita at sumulat. Kaya naman, mahalagang gumamit ng iba't estratehiya ang mga guro sa pagtuturo ng mga kasanayang ekspresib nang sa gayon ay mapahusay ang pagsulat at pagsasalita ng mga mag-aaral sa ikalawang wika.

Dahil sa mahalagang papel ng Wikang Filipino sa edukasyon at pambansang identidad, inaasahan na ang mga natuklasan sa pananaliksik na ito ay makatutulong sa mga guro sa pagbuo ng epektibong interbensyon upang mabawasan ang pagkabalisa ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino ng mga mag-aaral partikular na sa mga mayroong asignaturang Filipino. Sa pamamagitan nito, maaaring maisulong ang mas epektibong pamamaraan ng pagtuturo na magpapalakas sa kasanayan at kumpiyansa ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang ito.

## II. PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay alamin ang antas ng pagkabalisa sa pagkatuto ng wikang Filipino at kaugnayan nito sa kasanayang akademiko ng mga mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano-ano ang antas ng pagkabalisa sa pagkatuto ng wikang Filipino ng mga mag-aaral batay sa mga sumusunod na aspekto:
    a. Communication Apprehension Anxiety
    b. Negative Evaluation
    c. Test Anxiety
2. Ano ang antas ng kasanayang akademiko ng mga mag-aaral mula sa Junior High School?
3. Mayroon bang kaugnayan ang antas ng pagkabalisa sa pagkatuto ng wikang Filipino sa kanilang kasanayang akademiko?
4. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagkabalisa sa pagkatuto ng wikang Filipino batay sa kasarian?

## III. KAUGNAY NA LITERATURA AT MGA PAG-AARAL

### 3.1 Pagkabalisa sa Pagkatuto ng Wika

Ayon kina Daal et. al., (2023), ang kabalisahan sa wika ay isang makabuluhang sitwasyon o isyu na nakakaimpluwensiya sa karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng pangalawang wika o target na wika, na nagdudulot nang mababang kasanayan sa paggamit partikular na sa pagsasalita. Ayon sa pag-aaral nina Kobeleva, (2012), ang sistema ng pagkatuto ng pangalawang wika ay maaaring magdulot ng pagkabalisa, lalo na sa ang mga mag-aaral na hirap sa pag-unawa sa mga hindi pamilyar na sistema ng pagsulat, bokabularyo, o estruktura ng wika. Kapag ang isang mag-aaral ay nahihirapang mag-*decode* o unawain ang isang banyagang teksto o pakinggan ang isang wikang hindi niya gamay, maaaring makaramdam siya ng pagkadismaya o panghihina ng loob. Ang ganitong pakiramdam ng pagkabigo ay maaaring mag-udyok sa pagkabalisa, na maaaring makaapekto sa kanilang kakayahang matuto nang epektibo. Sa madaling salita, ipinapakita ng pahayag na may kaugnayan ang hirap sa pagproseso ng wika sa emosyonal na tugon ng isang mag-aaral, kung saan ang paulit-ulit na paghihirap ay maaaring maging sanhi ng takot at pag-aatubili sa kanilang kakayahang matuto ng pangalawang wika. Sa ganitong sitwasyon, mainam ang paggamit ng iba't ibang estratehiya ng guro upang maibsan ang pagkabalisang nararanasan ng mga mag-aaral. Ang paggamit ng pangkatang gawain ay napatunayang magbibigay ng kumpyansa sa sarili at ang paulit-ulit ng ehersisyo sa mga gawain ay magbibigay din ng pamilyaridad sa mga mag-aaral na magdudulot ng pagkabawas ng balisang nararamdaman.

Ayon naman sa pahayag ni Glende, (2013) na; *" Deficiency in academic language normally hinders second language adult learners to recognize and analyze academic texts"*. Nangangahulagan lamang ito na kung hindi sapat ang kanilang kaalaman sa pormal na bokabularyo, istruktura, at istilo ng pagsulat na karaniwan sa akademikong diskurso, mahihirapan silang intindihin ang masalimuot na ideya o makilahok sa mas mataas na antas ng pagsusuri ng mga tekstong pang-akademiko. Ang kawalanng kasanayan sa akademikong wika ay maaaring maging balakid hindi lamang sa aspektong kumprehensiyon ngunit maging sa kanilang kakayahang maglahad ng kanilang sariling mga konsepto sa akademikong paraan.

Ayon kina Teimouri et al. (2019), ang language anxiety at isang sitwasyong nakadepende sa karanasan ng mag-aaral, kung saan maaaring makaranas ng pagkabahala ang ilan habang ang iba ay hindi. Kabilang sa mga salik na nakaaapekto rito ang kumpiyansa sa sarili, dating karanasan sa pagkatuto ng wika, at paghahambing ng sariling kakayahan sa kaklase. Nagkakaiba rin ang anyo ng pagkabalisa batay sa konteksto, gaya ng pagkakaroon ng matinding kaba sa pagsasalita ngunit hindi sa pagsusulat o pagbabasa. Dahil dito,

maituturing itong isang dinamikong konsepto na nakaangkla sa personal at panlabas na salik. Kaugnay nito, binigyang-diin nina Oteir at Al-Otaibi (2019) na ang language anxiety ay isang malaking hamon sa pagkatuto ng wika at nararapat na higit pang pag-aralan upang mas maunawaan ang implikasyon nito.

### 3.2 Pagkabalisa sa Wikang Filipino

Ang Wikang Filipino ay itinuturing na isang istandard na wika ng Pilipinas. Sa layuning higit itong mapahalagahan at mapalaganap, hinihikayat ang bawat Pilipino na gamitin ito sa araw-araw na pakikipagtalastasan. Bagama't kilala ang Pilipinas bilang isang bansang multilingguwal, nananatiling mahalaga ang patuloy na pagpapaunlad ng kasanayan sa paggamit ng Wikang Filipino. Ayon kay Nibalvos, (2017) *" Enhancing Filipino proficiency is requisite because Philippines is multilinggual and multi-cultural nation, it is a tool in connecting the archipelagic topography of the country using Filipino as the prior medium."* Nangangahulugan ito na mahalaga ang pagpapalakas ng kasanayan sa wikang Filipino dahil ito ay nagsisilbing pangunahing tulay sa pagkakaisa at epektibong komunikasyon sa isang bansang multilingual at multicultural tulad ng Pilipinas. Sa pag-aaral nina Saavedra at Karanain (2022), ang multilinggwal na kapaligiran ay isang dahilan kung bakit nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagkatuto ng ikalawang wika. Kaya naman, nahihirapan silang unawain ang tekstong Chabacano sapagkat maging sa kanilang tahanan ay iba't ibang wika din ang sinasalita. Dahil ang bansa ay binubuo ng maraming isla na may iba't ibang wika at kultura, nagiging mahalagang kasangkapan ang Filipino bilang pangunahing midyum ng pakikipag-ugnayan at pagpapalitan ng kaalaman. Sa pamamagitan ng pagpapalawig ng kasanayan sa Filipino, mas napapadali ang pagkakaunawaan sa kabila ng pagkakaiba-iba ng mga rehiyon, kaya't nagiging mas matibay ang pambansang identidad at pagkakaisa.

Dagdag pa ni Lastimosa (2017) na; *"There are different ways on how to improve the proficiency of Filipinos mainly strudents and how to nurture its current status."* Ipinapahiwatig na may iba't ibang paraan upang mapabuti ang kasanayan ng mga Pilipino, lalo na sa mga mag-aaral, sa wikang Filipino. Ipinapakita nito na ang pagpapaunlad ng kasanayan sa wika ay isang patuloy na proseso na nangangailangan ng tamang mga hakbang at estratehiya. Bukod dito, nililinaw ng pahayag ang pangangailangang pagyamanin at pangalagaan ang kasalukuyang estado ng wikang Filipino, na maaaring gawin sa pamamagitan ng edukasyon, mas malawak na paggamit sa iba't ibang larangan, at pagsasama nito sa makabagong pamamaraan ng pagtuturo at komunikasyon.

Mula sa mga pag-aaral na isinagawa ng iba't ibang lokal na mananaliksik na nabanggit, ang wikang Filipino ay nahaharap sa higit pang iba't ibang suliranin, partikular na sa kasalukuyang panahon. Isa rito ay ang pagdurusa ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa larangan ng akademiko. Base sa pag-aaral ni Labrador et. al., (2017), ipinapahiwatig sa kaniyang pag-aaral na nawawala mismo ang interes sa paggamit at pagpapahalaga ng wikang Filipino ng mga kabataan partikular na sa makaagham na henerasyon ngayon. Sa ganitong mga kondisyon, nagkakaroon ng *"language anxiety"* ang mga mag-aaral, o pagkabalisa sa wika na nagiging hadlang upang matamo ang epektibong pakikipag-ugnayan gamit ang wikang Filipino.

Ayon sa pag-aaral nina Bughao et al. (2017), marami sa mga mag-aaral ang mas pinipiling gumamit ng Ingles o banyagang wika kaysa Filipino, na nagdudulot ng pagbaba ng aktibong paggamit nito lalo na sa pormal na diskurso at akademikong larangan. Kaugnay ito ng mga salik tulad ng globalisasyon, impluwensya ng midya, at pananaw na mas prestihiyoso at kapaki-pakinabang ang Ingles. Dahil dito, nagiging hamon ang pagpapanatili at pagpapalakas ng Filipino ilang pangunahing wika ng komunikasyon at edukasyon sa bansa.

Ayon sa pag-aaral nina Ancheta at Perez (2017), maraming salik ang nagdudulot ng pagkabalisa sa paggamit ng wikang Filipino, na kaugnay ng edukasyon at personal na karanasan ng mga mag-aaral. Kabilang dito ang kakulangan ng oras ng guro upang maipaliwanag nang detalyado ang aralin, limitadong aklat at kagamitang panturo, at ang pag-aatubili ng ilang mag-aaral na magsalita sa takot na magkamali o mapagtawanan. Ang mga salik na ito ay humahantong sa mababang kumpiyansa ng mga mag-aaral at nagiging sanhi ng pagkanbalisa tuwing kinakailangan nilang gumamit ng Filipino sa akademiko at pampublikong teksto.

### 3.3 Pagkatuto ng Wika batay sa Kasarian

Maraming pag-aaral ang isinagawa upang imbestigahan ang ugnayan sa pagitan ng pagkabalisa sa pagkatuto ng wika at kasarian. Ang mga pagkakaiba ng kasarian sa pagkatuto ng wika ay nakakuha ng malaking

atensyon mula sa mga estudyante, guro, at mga tagapagpatupad ng polisiya. Dahil dito, maraming mga pananaliksik ang nagbigay diin sa kalamangan ng mga babae sa pagkatuto ng wika (Denies et. al., 2022).

Ayon sa ulat ng Organisation for Economic Co-operation and Development o OECD (2019), ang mga lalaki ay nahuhuli kumpara sa mga babae sa iba't ibang kasanayan sa literasiya tulad ng pagbasa, pagkatuto ng bokabularyo, at pagsulat. Nangangahulugan ito na mayroong agwat sa kasanayan sa literasiya sa pagitan ng mga lalaki at babae, kung saan mas nahuhuli ang mga lalaki pagdating sa mga pangunahing aspeto ng pagkatuto ng wika tulad ng pagbasa, pag-unawa ng bokabularyo, at pagsulat. Maaaring ito ay dulot ng iba't ibang salik, kabilang ang mga pagkakaiba sa interes, mga estratehiya sa pagkatuto, at impluwensiya ng kapaligiran sa edukasyon. Ang naturang agwat ay maaaring maging sanhi ng balakid sa akademikong pagganap ng mga lalaki, partikular na sa mga asignaturang nangangailangan ng mataas na antas ng literasiya.

Ayon sa *meta-analysis* nina Voyer at Voyer (2014), lumilitaw na ang mga babae ay may mas mataas na akademikong pagganap sa pagkatuto ng wika kumpara sa mga lalaki. Isa sa mga maaaring dahilan nito ay ang mas mataas na antas ng atensyon, disiplina, at estratehiya ng mga babae sa pag-aaral ng wika, na nagreresulta sa mas mahusay na pagsasalin ng kaalaman sa akademikong larangan. Dagdag pa rito, ayon kina Nasab at Motlagh (2017), ang paraan ng pagsasalita ng mga babae ay mas maayos at tuluy-tuloy, na nagpapahiwatig ng higit na kumpiyansa at kakayahang ipahayag ang kanilang sarili nang hindi gaanong nakararanas ng *stress* o pagkabalisa. Sa kabilang banda, ang pagsasalita ng mga lalaki ay may posibilidad na magkaroon ng interruptions, maling pagbigkas, at mga pagkakamali sa gramatika, na maaaring bunga ng mas mababang antas ng pagkatuto ng wika o mas mataas na tensyon sa pagsasalita sa publiko. Ang ganitong pagkakaiba ay maaaring maiugnay sa mga kultural, sikolohikal, at panlipunang salik na may impluwensya sa paraan ng pagkatuto ng wika sa pagitan ng mga kasarian.

Batay sa masusing pagsusuri nina Oteir at Al-Otaibi (2019), natukoy din nila ang malalim na epekto ng pagkabalisa sa wika sa proseso ng pagkatuto, na kanilang inuri sa limang pangunahing kategorya: akademiko, sosyal, kognitibo, emosyonal, at personal. Sa aspektong akademiko, ang pagkabalisa ay nagiging hadlang sa pagganap ng mag-aaral sa mga pagsusulit, pagsusulat, at iba pang gawain na nangangailangan ng paggamit ng wika, na nagreresulta sa mababang marka at kahirapan sa pagkatuto. Sa sosyal na konteksto, maaaring magdulot ito ng pag-iwas sa pakikipag-usap o pakikilahok sa klase dahil sa takot na magkamali o mapagtawanan. Sa kognitibong aspekto, ang labis na pagkabalisa ay maaaring makaapekto sa memorya, konsentrasyon, at pagproseso ng impormasyon, kaya't nagiging mahirap para sa mag-aaral na makapagpokus at matuto nang epektibo. Samantala, sa emosyonal na antas, ang patuloy na pakiramdam ng kaba at pag-aalala ay maaaring magdulot ng pagbaba ng kumpiyansa sa sarili, na nagiging sanhi ng pag-aalinlangan sa kanilang kakayahang matuto ng wika. Sa personal na perspektibo, maaaring magkaroon ng negatibong pananaw ang mag-aaral sa sarili nilang kakayahan sa wika, na maaaring humantong sa pagkawala ng motibasyon o interes sa pag-aaral. Ipinapakita ng kanilang pagsusuri na ang pagkabalisa sa wika ay isang multidimensyonal na hamon na hindi lamang nakakaapekto sa akademikong pagganap ng mag-aaral kundi pati na rin sa kanilang pangkalahatang karanasan sa pagkatuto.Maraming pag-aaral ang isinagawa upang imbestigahan ang ugnayan sa pagitan ng pagkabalisa sa pagkatuto ng wika at kasarian. Ang mga pagkakaiba ng kasarian sa pagkatuto ng wika ay nakakuha ng malaking atensyon mula sa mga estudyante, guro, at mga tagapagpatupad ng polisiya. Dahil dito, maraming mga pananaliksik ang nagbigay-diin sa kalamangan ng mga babae sa pagkatuto ng wika (Denies et. al., 2022).

**3.4 Kasanayang Akademiko ng mga Mag-aaral**

Ang kasanayang akademiko ay isang mahalagang sukatan ng tagumpay ng isang mag-aaral sa anumang institusyong pang-akademiko. Ayon kay Riddh (2021) na makikita sa pag-aaral nina Galabo, et. al 2021), ang kasanayang akademiko ay sukatan ng tagumpay ng isang mag-aaral batay sa kanyang mga layunin sa edukasyon, at karaniwang sinusukat sa pamamagitan ng grade point average (GPA) o iba pang pagtatasa sa paaralan. Ang mga marka sa pagsusulit at iba pang pagtataya ay nagsisilbing batayan ng antas ng pagkatuto. Bagama't madalas na ikinakabit sa katalinuhan ang mataas na marka, ipinapakita na ang akademikong tagumpay ay maaari ring makamit ng sinumang mag-aaral sa pamamagitan ng pagsusumikap at tamang estratehiya sa pag-aaral. Sa pag-aaral nina Saavedra, Alejandro at Espinosa (2022), maging sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pananaliksik, napatunayang ang mga mag-aaral na mahusay sa kasanayang akademiko ay naipakikita din ang kahusayan sa kasanayang pananaliksik. Ito ay sa dahilang nagagamit nila ang husay sa pagsulat at ibang *study skills* nila.

Ayon kay Riddh (2021), maraming salik ang maaaring maimpluwensiya sa akademikong pagganap ng isang mag-aaral. Kabilang dito ang pisikal na aktibidad, *learning environment*, interes sa paksa, motibasyon, paggabay, komunikasyon, distraksyon, at tiwala sa sarili. Ang kakulangan sa pisikal na aktibidad ay maaaring magdulot ng pagbaba ng daloy ng dugo sa utak, na nakakaapekto sa aktibong pag-iisip at kakayahang matuto. Samantala, ang isang positibong *learning environment* ay may mahalagang papel sa tagumpay ng mag-aaral, dahil ito ay nagpapataas ng motibasyon, konsentrasyon, at pangkalahatang kakayahan sa pag-aaral. Sa kabilang banda, ang isang magulong at maingay na kapaligiran ay maaaring magdulot ng hirap sa pagpoproseso ng impormasyon at makasagabal sa pagkatuto ng isang mag-aaral.

Isa ring mahalagang salik ang paggabay at motibasyon sa akademikong pagganap. Ang wastong paggabay mula sa mga magulang at guro ay may positibong epekto sa resulta ng pag-aaral ng isang mag-aaral. Ang kakulangan ng motibasyon ay maaaring magdulot ng mahinang pagganap sa mga pagsusulit at iba pang gawain. Gayundin, ang pagpapahalaga sa sarili ay isang salik na may mahalagang papel sa akademikong pagganap. Ang mga mag-aaral na may mataas na kumpiyansa sa sarili ay mas may kakayahang harapin ang mga akademikong hamon, samantalang ang mga may mababang pagpapahalaga sa sarili ay maaaring mahirapan sa paglutas ng mga problema at iba pang gawain.

Ayon kay Fiske (2000), ang kwalipikasyon ng mga guro ay isa sa mga sentrong pampaaralang salik na nakaaapekto sa antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang kakayahan, karanasan, at kwalipikasyon ng mga guro ay may malaking epekto sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral, dahil ang guro ang pangunahing tagapagturo at tagapaghatid ng kaalaman. Sa kabuuan, ang akademikong pagganap ng isang mag-aaral ay naiimpluwensyahan ng maraming salik, kaya mahalagang bigyang-pansin ang mga ito upang matulungan ang mga mag-aaral na magkaroon ng mas positibong karanasan sa pag-aaral at makamit ang mas mataas na antas ng tagumpay sa edukasyon.

### 3.5 Communication Anxiety Apprehension

Binigyang kahulugan ni McCroskey (1997) ang *communication apprehension* bilang isang antas ng takot o pangamba ng isang indibidwal na may kaugnayan sa aktuwal o inaasahang pakikipagkomunikasyon sa ibang tao. Samantala, pinalalim pa ito ni Spielberger (1983) sa pagsasabing ito ay isang "pansariling pandamdamin ng pagkabahala, pangamba, at pag-aalala." Sa kabila ng mga negatibong konotasyon ng *anxiety* o pagkabalisa, maaari pa rin itong ituring na isang positibong elemento. Maaari itong magsilbing motibasyon para sa mga mag-aaral na ipagpatuloy ang pag-aaral ng wika, sa kabila ng mga negatibong epekto na kanilang nararanasan.

Ang *communication anxiety apprehension* ay may iba't ibang antas sa bawat indibidwal, depende sa konteksto ng sitwasyong kanilang kinakaharap. Ipinapakita sa mga pag-aaral nina Danu at Gupta (2024) at Wahl at Walker (2022) na ang antas ng pangamba o takot sa pakikipagkomunikasyon ay maaaring magbago batay sa uri ng kapaligiran, tagapakinig, o kalikasan ng usapan—kung ito man ay pormal, impormal, harapan, o pampubliko. Ayon kina Ebrahimi, Omid V. et al. (2019), may apat na pangunahing salik na nagiging sanhi ng takot ng mga mag-aaral sa pagsasalita sa publiko, na may kaugnayan sa kanilang emosyonal at sikolohikal na kalagayan. Una, ang takot sa pagkabigo, kung saan maraming mag-aaral ang nakakaramdam ng pangamba dulot ng mababang kumpiyansa sa sarili at pakiramdam na hindi pa sila sapat na handa, kaya't nababalot sila ng negatibong kaisipan tulad ng “Hindi ko ito magagawa nang tama” o “Hindi ako mahusay na tagapagsalita.” Ikalawa, ang impluwensiya ng mga manonood, sapagkat ang presensya ng iba—lalo na ng guro at mga kaklase—ay maaaring magdulot ng takot sa negatibong paghusga, laluna kung iniisip ng mag-aaral na hindi sila sapat ang kaalaman o kakayahan kumpara sa iba. Ikatlo, ang kawalan ng katiyakan sa daloy ng pagsasalita, dahil ang pagsasalita sa publiko ay isang pangkasalukuyang gawain na hindi lubos na napaghahandaan, kaya’t may posibilidad ng pagkakamali, pagkalimot, o pag-utal, na siyang nagdudulot ng matinding pagkabahala. Panghuli, ang pagiging sentro ng atensyon ay isa ring salik na nagpapalala sa takot ng mga mag-aaral, sapagkat ang ideyang sila ay pinagmamasdan at pinakikinggan ay maaaring magdulot ng matinding kaba, lalo na sa mga hindi sanay humarap sa madla o may mababang kumpiyansa sa sarili.

Ayon kina Wang et al. (2025) at Altun (2022), ang *communication anxiety* ay may negatibong epekto sa kahandaan ng mga mag-aaral na makipag-usap gamit ang pangalawang wika, na isang mahalagang salik sa epektibong pagkatuto at paglinang ng kasanayan sa wika. Kapag nararanasan ng mga mag-aaral ang matinding pagkabahala sa pakikipagkomunikasyon, nagiging hadlang ito sa kanilang aktibong pakikilahok sa mga gawain sa loob ng silid-aralan, lalo na sa mga aktibidad na nangangailangan ng paggamit ng target na wika. Dahil sa

takot sa negatibong paghusga at posibilidad ng kahihiyan, maraming mag-aaral ang iniiwasang magsalita o makipag-ugnayan, na nagreresulta sa pagbaba ng kanilang motibasyon. Sa paglipas ng panahon, ang pag-iwas na ito ay maaaring makaapekto sa kanilang pag-unlad sa wika at magdulot ng mababang antas ng kasanayan.

### 3.6 Fear of Negative Evaluation

Ipinahayag nina Watson at Friend (1969) na ang takot sa negatibong pagsusuri ay isang anyo ng pangamba na kaugnay ng posibilidad na mahusgahan ng ibang tao sa negatibong paraan. Kadalasang iniiwasan ng mga indibidwal ang mga sitwasyon kung saan sila ay maaaring suriin, sapagkat may takot silang hindi ito maging pabor sa kanila. Sa mga mag-aaral, ang ganitong uri ng takot ay karaniwang nararanasan sa loob ng silid-aralan—lalo na kapag sila ay nagsasalita sa harap ng guro at mga kamag-aral. Ayon kay Zhao Na (2007), hindi panatag ang mga mag-aaral sa ideya na sila ay pinagmamasdan habang nagsasalita, at ito ay nagdudulot ng kawalan ng ginhawa at kabiguang maipamalas ang kanilang buong kakayahan.

Dagdag pa rito, ayon kay Ohata (2005), kahit sa maliliit na grupo, nararanasan pa rin ng mga mag-aaral ang pagkabahala dulot ng takot sa negatibong paghusga ng kanilang mga kaklase. Dahil dito, madalas silang nagiging tahimik at nag-aatubiling makilahok sa mga talakayan. Ayon kina Pigart et al., (2024), ang mga mag-aaral na may mababang paniniwala sa sariling kakayahan, lalo na kung ikinukumpara nila ang kanilang sarili sa kanilang mga kapwa mag-aaral, ay mas may posibilidad na makaranas ng matinding takot sa negatibong pagsusuri. Ang ganitong takot ay hindi lamang nagpapataas ng antas ng kanilang pagkabalisa, kundi maaari ring makasagabal sa kanilang aktwal na pagganap sa mga gawaing pang-akademiko.

Ang ganitong sistwasyon ay binigyang linaw nina Busch et al., (2023) na kung saan natuklasan din na ang mga mag-aaral na may mataas na antas ng *negative evaluation* ay mas kaunti ang pakikilahok sa klase, lalo na sa mga *active-learning* na kapaligiran. Ang kawalan ng aktibong partisipasyon ay maaaring humantong sa mas mababang akademikong pagganap. Sinang-ayunan din ito ng pag-aaral nina Auliannisa et. al., (2024) na kung saan natuklasan na ang mga mag-aaral na may mataas na antas na pagpapahalaga sa sarili ay may mas mababang antas ng takot sa negatibong pagsusuri. Ipinapahihiwatig nito na ang mga intervensying nakatuon sa pagpapataas ng *self-esteem* ay maaaring makatulong upang mabawasan ang takot na ito at mapabuti ang kanilang akademikong pagganap.

### 3.7 Test Anxiety

Malaki ang epekto ng *test anxiety* sa pagganap sa mga asignaturang may kaugnayan sa wika, lalo na sa hanay ng mga mag-aaral sa Pamantasan. Ayon kina Balwan at Kour (2022) at Megha at Jeyarani (2024), ang test anxiety ay isang anyo ng *performance anxiety* na lumalabas maaaring sa anyo ng mga sikolohikal, pisyolohikal, at reaksyon sa mga sitwasyong may pagsusuri o pagtataya. Kabilang sa mga sintomas nito ang matinding takot, pagkakaba, at labis na *stress* na maaaring makasagabal sa pagiging epektibo at mahusay na pagganap ng mga mag-aaral sa akademikong gawain (Santi et al., 2024; Jarso et al., 2024).

Ayon sa pananaliksik nina Altamimi at Altamimi (2025), may malinaw na ugnayan ang mataas na antas ng pagkabalisa sa pagsusulit at ang mababang pagtataya sa sariling kakayahan sa mga pangunahing kasanayan sa wika gaya ng pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat. Ayon kay Ergene (2003) ang *test anxiety* ay isang malawak na isyung nararanasan ng maraming mag-aaral, lalo na ng mga kababaihan. Tinatayang may dalawa hanggang tatlong mag-aaral sa bawat klase ang nakararanas ng matinding pagkabalisa sa tuwing may pagsusulit, na siyang nagiging hadlang sa kanilang pag-abot ng buong akademikong potensyal. Sa pag-aaral ni Unal-Karaguven (2015) natuklasan na sa isang pagtataya, nasa 10% hanggang 40% ng mga mag-aaral ang dumaranas ng *test anxiety*.

Ayon kina Amiri at Ghonsooly (2015), ang mataas na antas ng *test anxiety* ay nagpapababa sa kasiglahan ng mga mag-aaral sa pagkatuto. Kapag ang isang pagsusulit ay itinuring na isang nakakatakot na karanasan, mas lalo pang tumataas ang antas ng kanilang pagkabalisa bago ang eksaminasyon. Mas lalo itong binigyang diin nin Mr. Rambabu at Patel (2024), na kung saan ayon sa kanilang pag-aaral malaki ang epekto ng *test anxiety* sa akademikong pagganap sa iba't ibang antas ng edukasyon. Ang mataas na antas ng pagkabalisa ay maaaring magdulot ng kahinaan sa *working memory*, negatibong emosyon, at pagbaba ng konsentrasyon—na

sa huli ay nauuwi sa mababang akademikong pagganap. Ayon kina Chakraborty (2023) at Jarso et al., (2024), ang mga indibidwal na salik tulad ng mababang *self-efficacy* o tiwala sa sarili at sikolohikal na pagkabalisa ay nag-aambag sa pagtaas ng antas ng test anxiety.

Binigyang diin nina Santi et al., (2024), na ang paglikha ng isang suportadong kapaligiran sa pagkatuto ay makatutulong upang mabawasan ang pagkabalisa at mapalakas ang akademikong tiwala ng mga mag-aaral. Ayon kina Tata et al., (2023), ang mga epektibong estratehiya sa pagharap sa *test anxiety* ay kinabibilangan ng *self-distraction*, pagkakaroon ng positibong pananaw, at maagang pagpaplano bago maagsimula ang pagsusulit. Samakatuwid, ang mga estratehiyang ito ay sinang-ayunan nina Rojas-Torres et al., (2023), na kung ang pagkakaroon ng positibong pananaw hinggil sa isang sitwasyon ay nakatutulong upang mabawasan ang negatibong epekto ng test anxiety.

## IV. BATAYANG TEORETIKAL

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng antas ng pagkabalisa ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wikang Filipino at ang kaugnayan nito sa kanilang kasanayang akademiko. Upang mas maunawaan ang ugnayan ng emosyonal na aspeto ng pagkabalisa at ang papel ng kasarian sa proseso ng pagkatuto, ginamit ang *Affective Filter Hypothesis* ni Stephen Krashen, *Dominance and Deficit Theory* ni Robin Lakoff, at *Self-Efficacy Theory* ni Albert Bandura bilang mga teoretikal na pundasyon ng pag-aaral na ito.

Ang *Affective Filter Hypothesis* ay iminungkahi ni Stephen Krashen (1982), na nagpapaliwanag na ang emosyonal na estado ng isang mag-aaral, tulad ng pagkabahala, takot, at kawalan ng kumpiyansa, ay maaaring makahadlang sa kanilang kakayahang matuto ng isang wika. Ayon kay Krashen, kapag ang isang mag-aaral ay may mataas na antas ng pagkabahala o stress, nagiging mahirap para sa kanila ang pagtanggap at pagproseso ng impormasyong may kaugnayan sa wika. Sa madaling salita, kahit maraming oportunidad para matuto ng Filipino, maaaring hindi ito maging epektibo kung mataas ang *affective filter* ng mag-aaral. Sa konteksto ng pananaliksik na ito, ipinapaliwanag ng teoryang ito kung paano naaapektuhan ng emosyonal na kondisyon ng mag-aaral ang kanilang pagganap sa Wikang Filipino. Kung mataas ang kanilang emosyonal na hadlang, maaaring mahirapan silang lumahok sa mga talakayan, mag-atubili sa pagsasalita ng Filipino sa harap ng klase, at makaapekto sa kanilang mga gawaing pangwika tulad ng pagsusulat at pagbabasa na maaaring magresulta sa mababang marka sa Filipino.

Ang *Dominance and Deficit Theory* ay iminungkahi ni Robin Lakoff (1975) na nakatuon sa kaugnayan ng kasarian at wika, pati na rin sa mga estrukturang panlipunan na nakaapekto sa paraan ng paggamit ng wika. Ayon kay Lakoff, ang mga kababaihan ay madalas na nasa *deficit position*, kung saan ang kanilang paggamit ng wika ay may higit na pagpipigil, pagiging magalang, at pagkakaroon ng malinaw na estruktura. Samantala, ang mga kalalakihan ay madalas nasa dominant position, kung saan ang kanilang pagsasalita ay maaaring may higit na *assertiveness*, *interruptions*, at hindi gaanong pagpansin sa estrukturang pangwika. Sa konteksto ng pananaliksik na ito, ginagamit ang teoryang ito upang masuri kung paano nakakaapekto ang kasarian sa antas ng pagkabalisa at pagkatuto ng Filipino. Batay sa nabanggit, ang mga kababaihan ay mas may tendensiyang magkaroon ng mataas na kasanayan sa wika, dahil sa kanilang mas maayos at maingat na paggamit ng wika, na maaaring magresulta sa mas mataas na kumpiyansa sa paggamit ng Filipino. Ang mga kalalakihan naman ay maaaring makaranas ng mas mataas na antas ng pagkabalisa, dahil sa hindi gaanong pagpansin sa gramatika at istruktura, na maaaring maging sanhi ng mas madalas na pagkakamali sa paggamit ng Filipino.

Samantala, ang *Self-Efficacy Theory* naman ay iminungkahi ni Albert Bandura (1986) na nagbibigay-diin sa kakayahan ng isang indibidwal na magkaroon ng tiwala sa kanyang sarili upang maisakatuparan ang isang gawain. Ayon kay Bandura, ang *self-efficacy* o paniniwala ng isang tao sa kanyang kakayahan ay may direktang epekto sa kanyang pagganap at tagumpay sa isang partikular na gawain. Sa konteksto ng pananaliksik na ito, kung ang isang mag-aaral ay may mataas na *self-efficacy* sa paggamit ng Wikang Filipino, mas malaki ang posibilidad na magkaroon siya ng mas mababang antas ng pagkabalisa dahil naniniwala siya sa kanyang kakayahan na epektibong matutunan at magamit ang wika. Sa kabilang banda, kung mababa ang kanyang *self-efficacy*, maaaring mas lumakas ang kanyang takot at pag-aalinlangan sa pagkatuto ng Wikang Filipino, na posibleng humantong sa mas mataas na antas ng pagkabalisa at mababang kasanayang akademiko.

Samakatuwid, ang kombinasyon ng tatlong teoryang ito ay nagbibigay ng mas malalim at komprehensibong pagsusuri sa kung paano naaapektuhan ng emosyonal na estado ng mag-aaral ang kanilang

kakayahang matuto ng wika, gayundin ang impluwensya ng kasarian sa kanilang pagganap sa Filipino at kung papaano nakaaapekto ang kakayahan ng isang indibidwal na magkaroon ng tiwala sa kanyang sarili upang maisakatuparan ang isang gawain.

## V. METODOLOHIYA

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga pamamaraang ginamit sa pananaliksik. Tinatalakay din sa bahaging ito ang disenyo ng pag-aaral, lokasyon ng isinagawang pag-aaral, mga kalahok, instrumentong ginamit, at maging ang estadistikal na pamamaraang ginamit sa pag-aaral. Kabilang rin sa ilalahad ang mga hakbang ng pag-aaral, paraan ng paglilikom ng mga datos, maging ang pagsasaayos at pag-aanalisa ng mga datos.

### 5.1 Disenyo ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay isang kwantitatibong pananaliksik na kung saan ito ay nangangailangan ng pangangalap at pagsusuri ng mga numerikal na datos upang masagot ang mga tanong sa pananaliksik at masuri ang mga *hypothesis*. Ang mga mananalisik ay gumamit ng *descriptive correlational* na paraan ng pananaliksik. Layunin nitong ilarawan at suriin ang antas ng pagkabalisa ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wikang Filipino at kaugnayan nito sa kanilang kasanayang akadedmiko. Ang *"Descriptive Survey Research Design*" ang napiling gamitin ng mga mananaliksik at ginamitan ng talatanungan o *survey questionnaire* sa paglikom ng etikal na datos upang masagot ang mga tanong sa pananaliksik at masuri ang mga hypothesis.

### 5.2 Mga Kalahok

Ang pamamaraan na ginamit sa pagpili ng mga kalahok sa pananaliksik na ito ay random sampling, sapagkat ang pagpili ng mga kalahok ay nagmula sa *Junior High School* ng Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao. Dalawampung (20) mag-aaral mula sa ikapitong baitang, dalawampung (20) mag-aaral mula sa ikawalong baitang, dalawampung (20) mag-aaral mula sa ikasiyam na baitang, at dalawampung (20) mag-aaral mula sa ikasampung baitang ang napili. Sa kabuoan, mayroong walumpung (80) mag-aaral ang lumahok sa pananaliksik.

### 5.3 Paraan ng Paglikom ng Datos

Isinagawa ang pananaliksik na ito sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao – Integrated Laboratory School sa Lungsod ng Zamboanga. Ang mga talatanungan ay ipinamahagi sa mga napiling kalahok sa pamamagitan ng nakaimprentang kopya. Bago isinagawa ang pangangalap ng datos, humingi ng pormal na permiso mula sa Punong Guro ng Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao Integrated Laboratory School – High School Department gayundin sa mga napiling kalahok.

### 5.4 Etikal na Konsiderasyon

Tiniyak ng mga mananaliksik na nasunod ang mga pamantayan at alituntunin sa pagsasagawa ng pananaliksik alinsunod sa mga prinsipyo ng etika sa pananaliksik. Upang maprotektahan ang mga kalahok, nagbigay ang mga mananaliksik ng informed consent na naglalaman ng malinaw na paliwanag tungkol sa layunin, saklaw, at proseso ng pag-aaral. Binigyan ang mga kalahok ng sapat na panahon upang basahin at unawain ang nilalaman nito bago sila boluntaryong pumayag na lumahok sa pag-aaral.

Para sa mga kalahok na menor de edad, kumuha rin ng pahintulot ang mga mananaliksik mula sa mga magulang o tagapag-alaga upang matiyak na nauunawaan nila ang nilalaman ng pag-aaral at ang posibleng epekto nito sa kanilang anak. Ipinatupad nang mahigpit ang mga hakbang upang mapanatili ang proteksyon ng sensitibong impormasyon, at ipinaalam sa mga kalahok na ang kanilang pakikilahok ay boluntaryo at maaari nilang bawiin ang kanilang pagsang-ayon anumang oras nang walang anumang negatibong epekto sa kanila.

Binigyang-diin sa pananaliksik na ito ang pagiging kumpidensyal ng pagkakakilanlan ng mga kalahok. Ang lahat ng nakalap na datos ay ginamit lamang para sa layunin ng pag-aaral at hindi isinapubliko nang walang pahintulot. Higit pa rito, mahigpit na sinunod ng pananaliksik ang mga probisyon ng *Data Privacy Act of 2012*

upang matiyak na walang impormasyong nalabag at upang maprotektahan ang mga kalahok mula sa anumang hindi kanais-nais na publikasyon o maling paggamit ng kanilang datos.

### 5.5 Instrumentong Ginamit

Ginamit ng mananaliksik ang isang inangkop na talatanungan na orihinal na binuo nina Horwitz, Horwitz, at Cope (1986), na nirebisa bilang *Filipino Language Anxiety Scale* at ginamit sa pag-aaral ni Bernal, (2021). Upang matiyak ang pagiging angkop at bisa nito sa kontekstong pang-Filipino, isinailalim ang instrumento sa bahagyang pagbabago at ipinasuri sa isang lupon ng mga dalubhasa para sa pagpapatunay. Batay sa resulta, ang inangkop na talatanungan ay nagtamo ng kabuuang Cronbach's alpha < 0.7, na mas mababa kumpara sa orihinal na bersyon ng instrumento na may $\alpha = 0.98$, nangangahulugaan lamang na ang instrumento ay maaaring gamitin sa para sa gagawing pananaliksik.

Ang talatanungan ay binubuo ng dalawang pangunahing bahagi. Ang unang bahagi ay naglalayong makuha ang ilang demograpikong impormasyon ng mga kalahok, kabilang ang kanilang baitang at ang gradong natanggap nila sa asignaturang Filipino. Samantala, ang ikalawang bahagi ay naglalaman ng 33 pahayag na sinusukat gamit ang isang *Likert Scale*, kung saan ang isa (1) ay nangangahulugang "Lubos na Hindi Sumasang-ayon", ang pangalawa (2) ay nangangahulugang "Hindi Sumasang-ayon", pangatlo (3) ay nangangahulugang "Di tiyak", ang apat (4) ay "Sumasang-ayon", at ang pang lima (5) ay " Lubos na sumasang-ayon".

### 5.6 Estadistikang Ginamit

Ang mga datos na nakalap mula sa mga kalahok ay sinuri gamit ang SPSS bersyon 25. Ang *descriptive statistics* sa anyo ng *mean scores* ay ginamit upang ipaliwanag ang antas ng pagkabalisa sa pagkatuto ng Wikang Filipino ng mga mag-aaral sa Junior High School.

**Talahanayan 1.** ***Estadistikang ginamit sa pagsusuri ng mga Suliranin Kinakaharap ng mga mag-aaral sa Kasanayan sa Pagsasalita ng Wikang Filipino***

| Range | Adjectival Interpretation |
|---|---|
| 1.00 – 1.80 | Napakababa |
| 1.81 – 2.60 | Mababa |
| 2.61 – 3.40 | Katamtaman |
| 3.41 – 4.20 | Mataas |
| 4.21 – 5.00 | Napakataas |

Ang mga datos na nakuha mula sa mula sa naka-imprent ang talatanungan ay inilagay nang manu-mano sa spreadsheet. Upang maisailalim sa tamang pagsusuri, ang mga datos ay inilipat sa SPSS para sa mas malalim na pagsusuri.

Ang demograpikong impormasyon ng mga respondente ay isinama sa pagsusuri, kabilang ang kasarian. Para sa pagsusuri ng pagkabalisa sa pagkatuto ng Wikang Filipino, tatlong pangunahing aspekto mula sa FLAS ang isinasaalang-alang: una ay ang *Communication Anxiety Apprehension* na may kabuoang labing-isang sinuring aytem. Ito ay ang mga sumusunod: (1, 4, 9, 14, 15, 18, 24, 27, 29, 30, at 32). Para sa *Negative Evaluation*, ito ay binubuo ng pitong sinuring aytem: (2, 7, 13, 19, 23, 31, at 33). Para naman sa *Test Anxiety*, ito ay binuo ng labing-limang sinuring aytem: (3, 5, 6, 8, 10, 11, 12, 16, 17, 20, 21, 22, 25, 26, at 28). Dagdag pa rito, isinagawa ng mananaliksik ang reverse coding para sa lahat ng aytem na itinuturing na negatibong pahayag, maliban sa mga aytem na 2, 5, 14, 18, 22, 28, at 32.

## VI. RESULTA AT DISKUSYON

Ang bahaging ito ay naglalahad ng pagsusuri at interpretasyon ng mga nakalap na datos na may kaugnayan sa mga suliranin ng pag-aaral. Ang mga impormasyong istatistikal ay inilatag sa anyong talahanayan

at tekstwal na presentasyon upang malinaw na maipakita ang mga resulta. Ang pagtatalakay ay inorganisa batay sa pagkakasunod ng mga suliranin at layunin ng pananaliksik upang matiyak ang maayos at lohikal na pagtalakay.

**Talahanayan 2.** ***Antas ng pagkabalisa sa pagkatuto ng Wikang Filipino ng mga mag-aaral sa Junior High School***

| Indicators | Weighted Mean | Adjectival Interpretation |
|---|---|---|
| **Overall Level Filipino Language Anxiety** | **2.70** | **Katamtaman** |

*Legend: 1.00 – 1.80: Napakababa 2.61 – 3.40: Katamtaman 4.21 –5.00: Napakataas*
*1.81 – 2.60: Mababa 3.21 – 4.20: Mataas*

Ipinapakita sa talahanayan bilang 1 ang kabuoang antas ng pagkabalisa sa pagkatuto ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa junior high school. Ang naitalang kabuoang *average mean score* ay 2.70 na may adjectival interpretation na "Katamtaman." Ipinapahiwatig nito na ang mga mag-aaral sa junior high school ay nakararanas ng katamtamang antas ng pagkabalisa kaugnay sa pagkatuto ng wikang Filipino.

Bukod pa rito, nagpapahiwatig ito na bagama't hindi labis ang pagkabalisa ng mga mag-aaral, ay hindi rin sila ganap na kampante sa kanilang pagkatuto ng wikang Filipino ito ay dahil ayon sa pag-aaral ni Reyes et al., (2023) nagiging hamon para sa mga mag-aaral ang paggamit ng wikang Filipino dahil sa pagkakaibang-estruktural at leksikal nito sa Ingles, na siyang mas karaniwang gamit sa mga akademikong konteksto. Nagdudulot ito ng pagkalito at kahirapan sa pagkatuto ng Wikang Filipino.

Sumasang-ayon ang resulta sa kasalukuyang pag-aaraal nina Labicane (2021), at Jugo (2020) na kung saan natukoy sa kanilang mga pag-aaral na karamihan sa mga mag-aaral ay nakararanas ng katamtamang antas ng pagkabalisa sa pagkatuto at maging sa paggamit ng wika. Ang resulta na ito ay tugma rin sa isinagawanag pananaliksik nina Fuentes at Limpot (2022) na kung saan ay natukoy sa kanilang pag-aaral na ang mga mag-aaral ay nagtamo rin ng katamtamang antas ng pagkabalisa bagama't nananatili pa rin sa mga mag-aaral ang kanilang kumpyansa at tiwala sa sarili na matutunan ang isang wika na taliwas naman sa resulta na makikita sa itaas na kung saan isinaad na ang mga mag-aaral ay hindi rin ganap na kampante sa kanilang pagkatuto ng Wikang Filipino.

**Talahanayan 2.1** ***Antas ng pagkabalisa sa pagkatuto ng Wikang Filipino ng mga mag-aaral sa Junior High School sa aspektong Comunication Anxiety Apprehension***

| Indicators | Weighted Mean | Adjectival Interpretation |
|---|---|---|
| **Overall Communication Anxiety** | **2.81** | **Katamtaman** |

*Legend: 1.00 – 1.80: Napakababa 2.61 – 3.40: Katamtaman 4.21 –5.00: Napakataas*
*1.81 – 2.60: Mababa 3.21 – 4.20: Mataas*

Ipinapakita sa talahanayan 1.1 ang antas ng pagkabalisa sa wikang Filipino ng mga mag-aaral sa junior high school na nakatuon sa mga palatandaang may kinalaman sa pagkabalisa sa pangkomunikasyon o *communication anxiety*. Ang kabuoang *average mean score* para sa pagkabalisa sa *communication anxiety* ay 2.81, na may *adjectival interpretation* na "Katamtaman."

Batay sa resulta, ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral sa *junior high school* ay nakararanas ng katamtamang antas ng pagkabalisa kaugnay ng pag-unawa at paggamit ng wikang Filipino sa pakikipag-usap. Implikasyon lamang ito na ang mga mag-aaral ay hindi gaanong kampante at nakararamdam ng kaba at pagkalito sa tuwing ginagamit ang wikang Filipino bilang instrumento sa pakikipag komunikasyon at

pakikipag-usap. Sa isang pag-aaral ni Galdonez, D. (2023) natukoy rin na mayroong katamtamang antas ng pagkabalisa ng mga mag-aaral kaugnay sa pag-unawa ng mga *spoken* o pasalitang materyal sa wikang Filipino. Ipinapakita nito na may umiiral ding pag-aatubili o kawalan ng kumpiyansa pagdating sa kasanayang pag-unawa, lalo na sa konteksto ng mga pasalitang komunikasyon.

Ayon kina Danu at Gupta (2024), ang mga mag-aaral na may katamtamang antas ng pagkabalisa sa komunikasyon ay madalas nakararanas ng mga hamon sa mga oral na presentasyon at talakayang panggrupo, na maaaring makaapekto sa kanilang pangkalahatang akademikong pagganap. Isa sa binigyang diin sa kanilang pag-aaral na ang pagkakaroon ng *communication apprehension* ay maaaring makapigil sa mga oportunidad para sa networking at kolaborasyon na maituturing mahahalagang aspekto para sa propesyonal na pag-unlad.

Dagdag pa rito, ayon kina O'Mara et al., (1996), ang ganitong uri ng pagkabalisa ay maaaring magbunsod ng mababang inaasahan sa pagkatuto, sapagkat nararamdaman ng mga mag-aaral na sila ay hindi sapat na mahusay upang aktibong makibahagi sa mga gawain sa silid-aralan.

**Talahanayan 2.2** ***Antas ng pagkabalisa sa pagkatuto ng Wikang Filipino ng mga mag-aaral sa Junior High School sa aspektong Negative Evaluation***

| Indicators | Weighted Mean | Adjectival Interpretation |
|---|---|---|
| **Overall Negative Evaluation** | **2.54** | **Mababa** |

*Legend:*

*1.00 – 1.80: Napakababa* *2.61 – 3.40: Katamtaman* *4.21 –5.00: Napakataas*
*1.81 – 2.60: Mababa* *3.21 – 4.20: Mataas*

Ipinapakita sa talahanayan 1.2 ang antas ng pagkabalisa ng mga mag-aaral sa *junior high school* kaugnay sa *Negative Evaluation*. Ang kabuuang timbang ng mean score para sa negative evaluation ay 2.54, na may adjectival interpretation na "Mababa."

Batay sa resulta, ipinapahiwatig nito na ang mga mag-aaral sa *junior high school* ay nakararanas ng relatibong mababang antas ng pagkabalisa kaugnay ng negatibong pagsusuri. o *negative evaluation*. Implikasyon lamang ito na karamihan sa mga mag-aaral sa *Junior High School* ay hindi lubos na apektado sa mga negatibong paghusga mula sa guro o kapwa mag-aaral. Binigyang tibay ito sa pag-aaraal nina Button et al., (2015), na nagsasabi na ang mga indibidwal na may mababang antas ng *negative evaluation* ay karaniwang hindi tumatanggap ng puna at hindi sensitibo sa negatibong pagsusuri. Ipinahihiwatig nito na may sapat silang kumpiyansa sa kanilang sarili at hindi sila madaling natitinag ng opinyon ng iba pagdating sa kanilang kakayahan sa wikang Filipino. Maaaring ito ay bunga ng isang positibo at suportadong kapaligiran sa silid-aralan kung saan ang mga pagkakamali ay tinatanggap bilang bahagi ng proseso ng pagkatuto.

Samakatuwid, mainam na isaalang-alang ang paglikha ng isang suportadong kapaligiran sa silid-aralan, gaya ng ipinakita sa pag-aaral nina Tsiplakides at Keramida (2009), kung saan itinuturing na natural na bahagi ng proseso ng pagkatuto ng wika ang mga pagkakamali. Sa ganitong kapaligiran, iniiwasan ang labis na pagwawasto upang matulungan ang mga mag-aaral na may pagkabalisa na mapagtagumpayan ang kanilang mababang paniniwala sa sariling kakayahan at takot sa negatibong paghusga. Ayon kina Chen at Drummond (2007), ang mga indibidwal na may mababang antas ng *negative evaluation* ay nag-ulat ng mas kaunting negatibong damdaming pang-emosyon sa mga sitwasyong may kinalaman sa pagsusuring panlipunan. Ipinahihiwatig nito na mas positibo ang kanilang emosyonal na karanasan tuwing nakikisalamuha sa iba.

**Talahanayan 2.3 Antas ng pagkabalisa sa pagkatuto ng Wikang Filipino ng mga mag-aaral sa Junior High School sa aspektong *Test Anxiety***

| Indicators | Weighted Mean | Adjectival Interpretation |
|---|---|---|
| **Overall Test Anxiety** | **2.76** | **Katamtaman** |

*Legend:*
*1.00 – 1.80: Napakababa 2.61 – 3.40: Katamtaman 4.21 –5.00: Napakataas*
*1.81 – 2.60: Mababa 3.21 – 4.20: Mataas*

Batay sa isinagawang pagsusuri, makikita sa Talahanayan 1.3 ang antas ng pagkabalisa sa pagkatuto ng Wikang Filipino ng mga mag-aaral sa *Junior High School*, partikular sa aspektong *test anxiety* o pagkabalisa sa pagsusulit. Ayon sa resulta, ang kabuuang weighted mean para sa test anxiety ay 2.76, na binigyang-kahulugan bilang "Katamtaman."

Batay sa nasuring datos, ipinapahiwatig nito na ang mga mag-aaral ay nakararanas ng isang midyum o katamtamang antas ng pagkabalisa tuwing nahaharap sila sa mga sitwasyong may kaugnayan sa pagsusulit o pagsukat ng kanilang pagganap sa klase ng Filipino. Ang resultang ito ay nagpapakita na bagama't may mga mag-aaral na nakakaramdam ng kaba at pagkabalisa, ito ay hindi lubhang matindi. Implikasyon lamang ito na ang mga mag-aaral mula sa *Junior High School* ay may tiwala pa rin sa kanilang sarili at may kakayahang makayanan ang mga hamon ng pagsusulit sa kanilang asignaturang Filipino.

Ito ay kaayon ng isinagawang pag-aaral ni Galdonez, D. (2023) na kung natuklasan sa kanyang pag-aaral na nasa katamtamang antas ng pagkabalisa ang mga mag-aaral kaugnay sa kanilang gawaing pasulat sa Wikang Filipino maging sa asignatura man ito, sa isang pagsusulit, at sa iba't ibang pasulat na gawain. Sa isang pag-aaral nina Shrivastava et al., (2019) naipakita sa kanilang pananaliksik na higit sa 50% ng kanilang grupo ng pag-aaral ay nakararanas ng *test anxiety* na nasa antas mula katamtaman hanggang malubha. Sa pag-aaral nina Tata et al., (2023) tinatayang nasa 25% hanggang 40% ng mga mag-aaral ang nakararanas ng *test anxiety*, batay sa iba't ibang antas na iniulat sa iba't ibang pag-aaral.

Ang resulta sa itaas ay magkatulad sa isinagawang pag-aaral nina Safeer at Shah (2019), at natuklasan sa kanilang pag-aaral na karaniwang nakararanas ang mga estudyante sa pamantasan ng katamtamang antas ng *test anxiety*, na may mean score na 2.64 sa isang sukatan ng pagkabalisa. Bagama't karaniwan ang test anxiety, maaaring magkaiba-iba ang epekto at lawak nito batay sa mga personal at kontekstuwal na salik. Kung kaya't ayon sa pag-aaral nina Rafi et al., (2020) inirerekomenda ang mga interbensyong nakatuon sa tiyak na pinagmumulan ng *stress* at ang maagang pagsusuri upang mapagaan ang epekto nito sa akademikong pagganap at kalusugang pangkaisipan ng mga mag-aaral.

Dagdag pa rito ang pag-aaral ni Hembree R., (1998) natuklasan na ang pagkakaroon ng katamtamang antas ng *test anxiety* ay may negatibong ugnayan sa *self-esteem* at positibong kaugnayan sa *fear of negative evaluation*. Maaari itong magdulot ng pagkaantala sa pag-iisip habang sumasagot sa pagsusulit, na maaaring makaapekto sa pagganap. Gayunman, napatutunayang epektibo ang ilang interbensyon sa pagpapababa ng anxiety at pagpapabuti ng akademikong resulta.

**Talahanayan 3. A*ntas ng Kasanayang Akademiko ng mga Mag-aaral sa Junior High School***

| Indicators | Weighted Mean | Adjectival Interpretation |
|---|---|---|
| **GWA** | **86.25** | **High** |

*Descriptor:*
*Below 75: Low*
*85–89: High*

*75–79: Average-Low* *90-100: Outstanding*
*80–84: Average-High*

Ang deskriptor ay nakabatay sa DepEd Order No. 08, S. 2015. Batay sa talahanayan bilang 2, ipinapakita ang kabuuang Pangkalahatang *General Weighted Average* (GWA) ng mga mag-aaral sa *Junior High School* para sa asignaturang Filipino. Ang naitalang *mean* na 86.25 ay may interpretasyong "High o Mataas" na antas na nagpapahiwatig na karamihan sa mga mag-aaral ay nakakamit ng kasiya-siyang antas ng akademikong kahusayan sa nasabing asignatura.

Ayon kay Calaguas (2012), ang *General Weighted Average* (GWA) ay kinakalkula bilang pangkaraniwang iskor mula sa tiyak na asignatura at nagsisilbing kabuuang sukatan ng akademikong kakayahan ng isang mag-aaral. Ipinakita rin sa kanyang pag-aaral na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng GWA at mga pamantayang pagsusulit gaya ng Otis-Lennon School Ability Test (OLSAT), na nagpapakita na ang mas mataas na GWA ay kadalasang kaakibat ng mas mataas na kakayahang kognitibo. Batay sa resultang natamo, ipinapahiwatig nito ang pakakaroon ng malinaw na ugnayan sa pagitan ng GWA at kakayahang kognitibo na kung saan ay maaaring gamitin ang GWA bilang mahalagang batayan sa pagtataya ng akademikong pagganap at potensyal ng mga mag-aaral.

Ang resultang ito ay nagpapakita na, sa kabila ng mga hamon sa pagkatuto ng wika gaya ng pagkabalisa, nagagawa pa rin ng mga mag-aaral na makamit ang mga inaasahang akademikong pamantayan. Ito ay dahil nakapaloob sa akademikong pagganap ang pagsasama ng mga resulta ng mga gawain sa loob ng silid-aralan na naaapektuhan ng iba't ibang salik.

Ayon kina Kim et al. (2015), may kaugnayan ang ilang katangiang personalidad—gaya ng conscientiousness at openness—sa akademikong pagganap, na nagpapahiwatig na maaaring may papel din ang mga geneticong salik sa pagtukoy ng GWA. Samantala, binigyang-diin naman ni Calaguas (2012) na ang kapaligirang pang-edukasyon, kabilang ang mga programang gabay at pagpapayo, ay may malaking epekto sa akademikong landasin ng mga mag-aaral at sa kanilang GWA. Natukoy din sa kanyang pag-aaral na ang pagkakaroon ng mataas na General Weighted Average (GWA) ay nagpapahiwatig ng matibay na akademikong pagganap, na sumasalamin sa kabuuang marka ng isang mag-aaral kaugnay sa asignatura.

**Talahanayan 4.** ***Pearson R Correlation Coefficient Result between Level of Filipino Language Anxiety and General Weighted Average of Students in Junior High School***

| | | Academic Skills | Filipino Language Anxiety |
|---|---|---|---|
| GWA | Pearson Correlation | 1 | .184 |
| | Sig. (2-tailed) | | .102 |
| | N | 80 | 80 |
| Level Filipino Language Anxiety | Pearson Correlation | .184 | 1 |
| | Sig. (2-tailed) | .102 | |
| | N | 80 | 81 |

Ipinapakita sa talahanayan bilang 3 ang mga resulta ng Pearson product-moment correlation coefficient na sumusuri sa antas ng ugnayan sa pagitan ng *General Weighted Average* (GWA) at pagkabalisa sa wikang Filipino ng walumpung (80) kalahok sa isinagawang pag-aaral. Batay sa datos, natuklasan na mayroong mahina ngunit positibong ugnayan sa pagitan ng GWA at pagkabalisa sa wikang Filipino, na may resulta na $r(78) = .184$, $p = .102$.

Bagama't positibo ang ugnayan, ito ay hindi makabuluhan sa estadistikal na antas, kaya't hindi maaaring sabihing may malinaw o direktang koneksyon ang GWA ng mga mag-aaral sa antas ng kanilang pagkabalisa sa wikang Filipino. Sa madaling sabi, ang pagkakaroon ng mas mataas o mas mababang marka sa

Filipino ay hindi awtomatikong nangangahulugan ng pagkakaroon ng mababa o mataas na antas ng pagkabalisa sa nasabing asignatura.

Ang resulta na ito ay sumasang-ayon sa pag-aaral nina Ilustre et al. (2022) na ang pagkabalisa sa wika ay may hindi tuwirang kaugnayan sa akademikong pagganap, na nangangahulugang maaari nitong hadlangan ang pagganap ng mag-aaral, subalit hindi ito ang tanging salik na nagpapasiya ng tagumpay sa pagkatuto ng wika. Ipinapahiwatig nito na may iba pang mahahalagang aspeto—tulad ng motibasyon, estratehiya sa pagkatuto, at suporta sa kapaligiran—na nakaaapekto sa tagumpay ng isang mag-aaral sa larangan ng wika. Dagdag pa rito ang pag-aaral nina San Jose at Orbeta (2013) na bagama't naaapektuhan ng pagkabalisa ng wika ang ilang aspeto ng oral performance, hindi ito nagkakaroon ng makabuluhang epekto sa pangkalahatang akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Sa pag-aaral nina Delacruz J.S et. al., (2022) , ipinapakita sa kanilang pag-aaral na mayroong hindi tuwirang ugnayan sa pagitan ng *language anxiety* at akademikong pagganap, na nagpapahiwatig na bagamat hindi direktang naaapektuhan ang pagganap ng language anxiety, may papel pa rin ito na maaaring makaimpluwensya sa tagumpay ng mga estudyante sa kanilang pag-aaral. Sa kabilang banda, iniulat nina Azzahra at Fatimah (2023) na walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng *language anxiety* at akademikong tagumpay, na nagpapahiwatig na maaaring hindi direktang nakahadlang ang antas ng anxiety sa pagganap ng mga mag-aaral.

**Talanayan 4.** ***Independent Sample T-test Result between Level of Filipino Language Anxiety and Gender of Students in Junior High School***

| | Sex | N | Mean | Std. Deviation | P-value | Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Level of Filipino Language Anxiety | Male | 36 | 2.71 | 0.58900 | .923 | Non-Significant |
| | Female | 44 | 2.70 | 0.52744 | | |

Ipinapakita sa talahanayan bilang 4 ang resulta ng isang *independent sample t-test* isinagawa upang ihambing ang antas ng pagkabalisa sa wikang Filipino sa pagitan ng mga lalaking at babaeng mag-aaral sa junior high school.

Batay sa resulta, walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagkabalisa sa pagitan ng mga lalaking (Mean = 2.71, SD = 0.59) at babaeng (Mean = 2.70, SD = 0.53) mag-aaral, gaya ng ipinakita sa (t(78) = 0.097, p = .923). Iminumungkahi nito na hindi sapat ang ebidensiya upang patunayan na ang kasarian ay may makabuluhang impluwensya sa pagkabalisa sa pagkatuto ng wikang filipino ng mga mag-aaral na ito. Bagama't walang makabuluhang pagkakaiba batay sa kasarian sa pagkabalisa sa pagkatuto ng wikang Filipino, mahalagang tandaan na maraming mga salik ang maaaring makapagdudulot sa mga indibidwal ng pagkabalisa sa pagkatuto ng wika.

Ang nakalap na resulta mula sa pag-aaral na ito ay nagpapakita ng pagkakatulad sa naging kinalabasan ng pag-aaral ni Bensalem (2017), kung saan ipinaliwanag niyang kapwa nakararanas ng katamtamang antas ng pagkabalisa sa pagkatuto at pagsasalita ng wika ang mga kalahok, anuman ang kanilang kasarian. Ipinakikita ng resulta na parehong antas ng *language anxiety* ang nararanasan ng mga lalaki at babae, na nagpapahiwatig ng kawalan ng makabuluhang pagkakaiba batay sa kasarian.

Ang ganitong kinalabasan ay sinusuportahan din ng iba pang literatura tulad ng kay Dewaele at Al-Saraj (2015), at Matsuda & Gobel (2004), na kapwa nagsasaad na ang pagkabalisa sa paggamit ng wika ay hindi eksklusibong naiiba sa pagitan ng mga kasarian. Bukod dito, kinokontra ng mga resulta ang pananaw na ang mga lalaki ay nakararanas ng mas mababang antas ng pagkabalisa kumpara sa mga babae. Sa halip, ito ay sumusuporta sa pahayag nina Sylven at Thompson (2015), na binanggit din ni Bensalem (2017), na ang pagkabalisa sa pagkatuto ng wika ay maaaring maranasan ng sinuman, anuman ang kasarian.

## VII. KONKLUSYON

Batay sa mga nakalap na datos mula sa walumpung (80) mag-aaral sa *Junior High School,* natuklasan ng pag-aaral na ang kabuuang antas ng pagkabalisa sa pagkatuto ng Wikang Filipino ay nasa katamtamang antas (Mean = 2.70). Ipinapahiwatig nito na bagama't hindi labis ang pagkabalisa ng mga mag-aaral, ay hindi rin sila ganap na kampante sa paggamit at pag-unawa sa wikang Filipino sa loob ng silid-aralan. Partikular, ang mga dimensyon ng pagkabalisa tulad ng *communication anxiety* (Mean = 2.81) at *test anxiety* (Mean = 2.76) ay kapwa nasa katamtamang antas, habang ang *negative evaluation* ay nasa mababang antas (Mean = 2.54). Ito ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may tiwala sa kanilang sarili pagdating sa pagharap sa mga opinyon at paghuhusga ng iba, ngunit nananatili ang ilang kaba sa mga pagsusulit at proseso ng pag-unawa.

Sa aspekto naman ng kasanayang akademiko, ang mga mag-aaral ay nagpakita ng katamtamang antas ng pagganap, batay sa kanilang *General Weighted Average* (Mean = 86.25). Ipinapakita nito na karaniwan ay nakakamit nila ang kasiya-siyang marka sa kanilang mga asignatura. Kaugnay nito, sinuri rin ang ugnayan sa pagitan ng pagkabalisa sa wikang Filipino at akademikong kasanayan, at lumabas na mayroong mahina ngunit positibong ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol ($r(78) = .184$, $p = .102$). Gayunman, ito ay hindi makabuluhan sa estadistikal na antas, kaya't masasabi na ang antas ng akademikong kahusayan (GWA) ay hindi maituturing na matibay o maaasahang tagapagpahiwatig ng antas ng pagkabalisa ng mag-aaral sa pagkatuto ng Wikang Filipino.

Sa pagsusuri naman ng pagkakaiba ng antas ng pagkabalisa batay sa kasarian, lumabas na walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga lalaking (Mean = 2.71) at babaeng (Mean = 2.70) mag-aaral ($t(78) = 0.097$, $p = .923$). Ipinahihiwatig nito na ang parehong kasarian ay may halos magkatulad na karanasan sa pagkabalisa kaugnay ng pagkatuto ng Filipino. Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita na ang pagkabalisa sa pagkatuto ng Wikang Filipino sa mga mag-aaral ay umiiral sa katamtamang antas, at ito ay hindi lubusang naiimpluwensyahan ng kasarian o akademikong marka. Ang mga gurong nagtuturo ng Filipino ay maaaring gumamit ng mga interbensyong nakasentro sa pagbawas ng *anxiety*, gaya ng paglikha ng mas positibong kapaligiran sa klase, upang higit pang mapaunlad ang tiwala at kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino.

## VIII. REKOMENDASYON

Iminumungkahi ng mga mananaliksik na gumamit ng mga interbensyong nakasentro sa pagbawas ng pagkabalisa, tulad na lamang ng paglikha ng mas positibong kapaligiran sa klase, upang higit pang mapaunlad ang tiwala sa kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng Wikang Filipino partikular na sa mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino. Isaalang-alang din ang patuloy na paghikayat sa mga kapwa mag-aaral na suportahan ang isa't isa at maging bukas sa pag-aaraal ng wikang Filipino. Samanatala, para sa mga susunod na mananaliksik, lubos na iminumungkahi na patuloy na tuklasin ang mga salik at epekto na nag-aambag sa pagkabalisa sa Wikang Filipino ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng isang panayam o interview habang ginagamit ang Wikang Filipino upang malaman ang tunay na estado ng kanilang pagkabalisa sa nasabing wika.

## SANGGUNIAN


[1] Almario, V. S. (2017). Cnhs Teachers In Enhancing Student's Proficiency In Filipino Language. Researchgate. [Online] Available: DOI: 10.13140/RG.2.2.33020.59527

[2] Sandal, O., Saavedra, A., Madrazo, C., Ramos, MSY. (2022). "Gender and Socio-economic Status: Revisiting its role on the English language Learning Motivation among Secondary Language-Specialized Students". Journal of Positive School Psychology 6 (04), 2689 – 2704

[3] Gardner, R. C., & MacIntyre, P. D. (1993). "On the measurement of affective variables in second language learning." Language Learning, vol 43(2), p.p 157–194.[Online] Available: https://doi.org/10.1111/

[4] Crookall, D., & Oxford, R. (1991). "Dealing with anxiety: Some practical activities for language learners and teacher trainees". Language anxiety: From theory and research to classroom implications, 141-150. Volume 12 - 2021 |[Online] Available: https://doi.org/10.3389/fpsyg.2021.614184

[5] Saavedra, A.D., (2020). "An exploration on the expressive skills among elementary-grade learners: A bedrock for the development of computer-assisted teaching strategies". Turkish Journal of Computer and Mathematics Education, 2343-2357

[6] Daal, C. Chan, JM., Estores, L., Gultiano, J., & Mahinay, A., (2023). "Mga Salik at Epekto ng Pagkabalisa sa Paggamit ng Wikang Filipino ng mga Mag- aaral sa Unang taon ng Father Saturnino Urios University. [Online] Available: https://www.researchgate.net/profile/Cyril-Daal [Accessed: May-2024]

[7] Kobeleva, P. P. (2012). "Second Language Listening and Unfamiliar Proper Names: Comprehension Barrier?" RELC Journal, 43(1), 83-98.

[8] Saavedra, A. (2016). "Varied Strategies In Improving The Linguistic Competence Of Selected Elementary Teachers: An Action Research". Elementary Education Online 15 (Issue 2), pp. 723-727

[9] Glende, L. (2013). "A Culpable Calp: Rethinking the Conversational/Academic Language Proficiency Distinction in Early Literacy Instruction". International Literacy Association. [Accessed: 20-May-2024]

[10] Teimouri, Y., Goetze, J., and Plonsky, L. (2019). "Second language anxiety and achievement: a meta-analysis – erratum. Stud. Second Lang. Acquis." 41, 489–489. Volume 6 ,2021 | [Online] Available: https://doi.org/10.3389/feduc.2021.618655

[11] Oteir, I. N., and Al-Otaibi, A. N. (2019)." Foreign language anxiety: a systematic review." Arab World Engl. J. (AWEJ) Volume 10, 309–317,2019 [Online] Available: DOI: https://dx.doi.org/10.24093/awej/vol10no3.21

[12] Nibalvos, I. (2017). "CNHS Teachers In Enhancing Student's Proficiency In Filipino Language". [Online] Available: https://www.researchgate.net [Accessed: 20-May 2024]

[13] Saavedra, A. D., & Karanain, F. A. (2022). Learners' beliefs and use of Chavacano as medium of instruction. *International Journal of Language and Linguistics*, *10*(1), 40. https://doi.org/10.11648/j.ijll.20221001.16

[14] Lastimosa (2017). "CNHS Teachers In Enhancing Student's Proficiency In Filipino Language". [Online] Available: https://www.researchgate.net [Accessed: May 2024]

[15] Labrador, Cinco, & Constantino. (2017). "CNHS Teachers In Enhancing Student's Proficiency In Filipino Language". [Online] Available: https://www.researchgate.net [Accessed:25-May 2024]

[16] Bughao, Toyhacao, & Tilaon (2017). "CNHS Teachers In Enhancing Student's Proficiency In Filipino Language". [Online] Available: https://www.academia.edu/117268842/ [Accessed: 25-May 2024]

[17] Ancheta, A., (2021). "Language Learning difficulties to selected foreign students in National University, Philippines". International Journal of Research Studies in Language Learning.[Online] Available: https://www.academia.edu/117268842/ [Accessed: May 2024]

[18] Denies, K., Heyvaert, L., Dockx, J., & Janssen, R. (2022). Mapping and explaining the gender gap in students' second language proficiency across skills, countries and languages. Learning and Instruction, 80, 101618. [Online] Available: https://doi.org/10.1016/j.learninstruc.2022.101618

[19] Encinas-Martín, M., & Cherian, M. (2023). Gender, Education and Skills: The Persistence of Gender Gaps in Education and Skills (OECD Skills Studies). OECD Publishing. [Online] Available: https://doi.org/10.1787/34680dd5-en

[20] Voyer, D., & Voyer, S. D. (2014). "Gender differences in scholastic achievement: A meta-analysis. Psychological Bulletin" vol 140(4), p.p1174–1204.[Online] Available: https://doi.org/10.1037/a0036620

[21] Oteir, I. N., and Al-Otaibi, A. N. (2019)." Foreign language anxiety: a systematic review." Arab World Engl. J. (AWEJ)Volume 10. 2019,Pp. 309-317 [Online] Available: DOI: https://dx.doi.org/10.24093/awej/vol10no3.21

[22] Galabo, E., Timosa, E. (2021). "Impluwensiya ng Artificial Intelligence at Kaligirang Pagkatuto ng mga mag-aaral sa Akademikong Performans ng unang taon ng BSED Filipino ng KCAST". EPRA:International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR)- Peer Reviewd Journal. vol.1 p.p 379-380 [Online] Available: https://doi.org/10.36713/epra19793

[23] Alejandro, W. D. C., Saavedra, A. D., & Espinosa, R. C. (2022). Self- perceived research competence among social sciences students: An investigative survey during the COVID-19 pandemic. International Journal of Health Sciences, 6(S3), 4211–4221. https://doi.org/10.53730/ijhs.v6nS3.6769

[24] Fiske, E. B. (2000). "Education for all: Status and trends, 2000. Assessing learning achievement". [Online] Available: http://www.education.unesco.org/efa.

[25] McCroskey, J. C. (1997). "Willingness to Communicate, Communication Apprehension, and Self Perceived Communication Competence: Conceptualizations and Perspectives". In J. A. Daly, J. C. Advances in Journalism and Communication, Vol.2 No.3, July 23, 2014 [Online] Available: https://www.scirp.org

[26] Spielberger, C. D. (1983)." State-Trait Anxiety Inventory for Adults (STAI-AD)" [Online] Available: https://doi.org/10.1037/t06496-000

[27] Danu, N., & Gupta, R (2024). " Oral Communication Apprehension among PostGraduate Students". Gujarat Journal of Extension Education Gujarat Journal of Extension Education, vol 37(2):47-52 [Online] Avaialble: DOI: 10.56572/gjoee.2024.37.2.0009

[28] Wahl, J., & Walker, B. (2022). "Communication Apprehension in High School Students with Professional Practices". Communication and Theater Association of Minnesota Journal,vol 45(1), 2022 [Online] Available: DOI: https://doi.org/10.56816/2471-0032.1142

[30] Ebrahimi OV., Kenter, R., Nordgreen, T., & Pallesen, S., (2019)."Psychological Interventions for the Fear of Public Speaking: A Meta-Analysis"Front Psychol. Volume 10 - 2019 [Online] Available:https://doi.org/10.3389/fpsyg.2019.00488

[31] Altun, M., (2023). "The Impact of Speaking Anxiety on the Development of Communication Skills". International Journal of Social Sciences and Educational Studies. vol 10(2):104-108. [Online] Available: DOI: 10.23918/ijsses.v10i2p104

[32] Watson, D., & Friend, R. (1969). "Measurement of social-evaluative anxiety". Journal of Consulting and Clinical Psychology, vol 33(4), p.p 448–457 [Online] Available: DOI: 10.1037/h0027806.

[33] Na, Z. (2007). A study of high school students' English learning anxiety. Asian EFL Journal, 9(3), 22–34. [Online]Available:https://www.researchgate.net/publication/369560397_The_Impact_of_Speaking_Anxiety_on_the_Development_of_Communication_Skills [Accessed: 20-May 2024]

[34] Ohata, K. (2005). "Language Anxiety from the Teacher's Perspective: Interviews with Seven Experienced ESL/EFL Teachers". Journal of Language and Learning" vol 3, p.p 133-155. [Online] Available: https://www.sid.ir/en/Journal

[35] Pigart, C., Cooper, K., & MacKinnon, D., (2024). "Academic social comparison: a promising new target to reduce fear of negative evaluation in large-enrollment college science courses". International Journal of STEM Education.volume 11(1) [Online] Available: DOI: 10.1186/s40594-024-00501-7

[36] Busch, C. A., Wiesenthal, N. J., Mohammed, T. F., Anderson, S., Barstow, M., Custalow, C., Gajewski, J., Garcia, K., Gilabert, C. K., Hughes, J., Jenkins, A., Johnson, M., Kasper, C., Perez, I., Robnett, B., Tillett, K., Tsefrekas, L., Goodwin, E. C., & Cooper, K. M. (2023). The disproportionate impact of fear of negative evaluation on first-generation college students, LGBTQ+ students, and students with disabilities in college science courses. CBE—Life Sciences Education, 22(3). [Online] Available: https://doi.org/10.1187/cbe.22-10-0195

[37] Auliannisa, S.H., Fakhri, N., Firadus., N.(2024). "PENGARUH SELF-ESTEEM TERHADAP FEAR OF NEGATIVE EVALUATION PADA MAHASISWA".Journal of Correctional Issues. Vol 7(1):51-60 [Online] Available: DOI: 10.52472/jci.v7i1.388

[38] Balwan, W., & Kour, S., (2022). "Test Anxiety Research: Twenty First Century in Retrospect. Journal of Advances in Education and Philosophy". Journal of Advances in Education and Philosophy,vol 6(5) p.p 306-310 [Online] Available: DOI: 10.36348/jaep.2022.v06i05.008

[39] A. Megha, & Dr. S. Joyce Jeyarani. (2024). TEST ANXIETY AMONG SCHOOL STUDENTS APPEARING FOR PUBLIC EXAM AT A GOVT HIGHER SECONDARY SCHOOL, MADURAI. International Education and Research Journal (IERJ), 10(2). [Online] Available: https://doi.org/10.21276/IERJ24653236801147

[40] Santi, E. A., & Gorghiu, C. G. (2024). "The relationship between intrinsic motivation, academic self-efficacy, learning engagement, and test anxiety, as perceived by university students". Problems of Education in the 21st Century. Vol. 82 p.p 892-903 [Online] Available: https://oaji.net/articles/2023/457-1734858285.pdf

[41] Jarso MH, Gezimu, W., Mamo, A., Tariku, M., & Tsegaye, T., (2024) "Test anxiety and its determinants among health sciences students at Mattu University: a cross-sectional study", Frontiers in Psychiatry, vol 14:1241940 [Online] Available: DOI: 10.3389/fpsyt.2023.1241940

[42] Altamimi, A.A.M., Altamimi, D.H.F. (2025). "Examining Test Anxiety and Its Impact on Language Performance Among University Students: A Comparative Analysis by Gender". Journal of Curriculum and Teaching. Vol. 14, No. 1. [Online] Available: DOI: https://doi.org/10.5430/jct.v14n1p106

[43] Ergene, T.,(2003). "Effective Interventions on Test Anxiety Reduction: A Meta-Analysis". School Psychology International , vol 24(3):313-328 [Online] Available: DOI: 10.1177/01430343030243004

[44] Unal-Karaguven, M.H. (2015). "Demographic Factors and Communal Mastery as Predictors of Academic Motivation and Test Anxiety". Journal of Education and Training Studies. Vol. 3(3). [Online] Available: DOI: 10.11114/jets.v3i3.6480.11114/jets.v3i3.648

[45] Amiri, M & Ghonsooly, B., (2015). "The Relationship between English Learning Anxiety and the Students' s Achievement on Examinations". Journal of Language Teaching and Research vol 6(4):855 [Online] Available: DOI: 10.17507/jltr.0604.20

[46] Patel, Dr. J.M.A ., Rambabu (2024). "The Influence of Test Anxiety on Academic Performance Among Young Adults". Nanotechnology Perceptions. [Online] Available: DOI: 10.62441/nano-ntp.vi.3526

[47] Chakraborty, A. (2023)." Exploring the Root Causes of Examination Anxiety: Effective Solutions and Recommendations". International Journal of Science and Research (IJSR). Vol 12(2):1096-1102. [Online] Available: DOI: 10.21275/SR23220002911

[48] Santi, E., Kholipa, R., Mujiono, M., & Putri, M., (2021)." Reading Interest Strength and Vocabulary Acquisition of EFL Learners: A Meta-Analysis". Journal of Language and Linguistic Studies, vol 17(3):1225-1242 [Online] Available:DOI: 10.52462/jlls.87

[49] Tata, R.S., Bommanaboina, R., Vijayagopal, M. (2023). "Prevalence of test anxiety and their related coping strategies in medical students – A cross-sectional study". Archives of Mental Health. Vol 25(1), p.p 67-71. [Online] Available: 10.4103/amh.amh_48_23

[50] Rojas-Torres, L., Furlan, L.A., Rojas-Rojas, G., Smith-Castro, V. (2023) ." Anxiety and performance during tests: the roles of coping and updating". Oxford Review of Education. [Online] Available: DOI: 10.1080/03054985.2023.2233901

[51] Krashen, S. (1982). Principles and practice in second language acquisition. New York: Prentice-Hall International. [Online] Available: https://www.sdkrashen.com/content/books/principles_and_practice.pdf

[52] Lakoff, R. 1975. "Language and woman's place. New York: Harper Colophon Books". Language in Society, Vol. 2, No. ,1 . pp. 45-80. [Online] Available: http://www.jstor.org/stable/4166707

[53] Bandura, A. (1986). Social Foundations of Thought and Action: A Social Cognitive Theory. Englewood Cliffs, NJ: Prentice Hall. [Online] Available: https://books.google.com.ph

[54] Horwitz ,E.K., Horwitz M.B., & Cope, J.(1986). Foreign language classroom anxiety. The Modern Language Journal, 70(2), 125-132.

[55] B, A. I. (2021). "The mediating effect of classroom learning environment on the relationship between Filipino language anxiety and coping strategies". Social Science Research Network. Retrieved on November 20, 2024. [Online] Available: https://doi.org/10.2139/ssrn.3941206

[56] Reyes, R. B. D., Tongkoh, A. L., & Chavez, J. V. (2023). Transitional Challenges And Factors Affecting English-Speaking Learners In Learning The Filipino Language. Journal of Namibian Studies: History Politics Culture, 33, 1720-1744.

[57] Labicane, G.E.M (2021) . " FOREIGN LANGUAGE ANXIETY EXPERIENCES OF FILIPINO STUDENTS ACROSS THE FOUR MACRO SKILLS LANGUAGE LITERACY". Journal of Linguistics Literature and Language Teaching. Vol 5(1):254-264 [Online] Available: DOI: 10.30743/ll.v5i1.3761

[58] Jugo, R.R. ( 2020) "Language Anxiety in Focus: The Case of Filipino Undergraduate Teacher Education Learners". Education Research International. [Online] Available: https://doi.org/10.1155/2020/7049837

[59] Fuentes, N., Limpot, M. (2022) "Teaching Styles and Language Anxiety: The Mediating Effects of Language Learning Beliefs". EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR). Vol 8, Issue. 2. [Online] Available: https://doi.org/10.36713/epra9607

[60] Galdonez, D. (2023). "Filipino Language Anxiety among Science High School Students". International Research Journal of Science, Technology, Education, and Management. Vol. 3, no. 4. p.p 92-103. [Online] Available: https://doi.org/10.5281/zenodo.10516235

[61] Danu, N., & Gupta, R (2024). " Oral Communication Apprehension among Post Graduate Students". Gujarat Journal of Extension Education, p.p 47-52 [Online] Available: DOI:10.56572/gjoee.2024.37.2.000

[62] Joan O'Mara,Jerry L. Allen,Kathleen M. Long &Ben Judd (2009). "Communication apprehension, nonverbal immediacy, and negative expectations for learning". Communication Research Reports. Vol. 13, p.p 109-128. [Online] Available: https://doi.org/10.1080/08824099609362077

[63] Button K.S., Kounali D., Stapinski L., Rapee R.M., Lewis G, Munafò MR (2015) "Fear of Negative Evaluation Biases Social Evaluation Inference: Evidence from a Probabilistic Learning Task". PLoS ONE 10(4): e0119456. https://doi.org/10.1371/journal.pone.0119456

[64] Tsiplakides, I., & Areti, K., (2009). "Helping students overcome foreign language speaking anxiety in the English classroom: Theoretical issues and practical recommendations". International Education Studies, vol 2, No.4, 2009 [Online] Available: www.ccsenet.org/journal.html

[65] Velda Chen & Peter D. Drummond (2007). "Fear of negative evaluation augments negative affect and somatic symptoms in social-evaluative situations". Taylor & Francis Online. Vol. 22, 2008. p.p. 21-43. [Online] Available: https://doi.org/10.1080/02699930701273815

[66] Galdonez, D. (2023). "Filipino Language Anxiety among Science High School Students". International Research Journal of Science, Technology, Education, and Management. Vol. 3, no. 4. p.p 92-103. [Online] Available: https://doi.org/10.5281/zenodo.10516235

[67] Shrivastava, A & Rajan, D., (2019). ""Assessment of Depression, Anxiety and Stress among Students Preparing for Various Competitive Exams". [Online] Available: DOI: 10.13140/RG.2.2.10711.42406

[68] Tata, R.S., Ramya, B., Mopidevi, V. (2023). "Prevalence of test anxiety and their related coping strategies in medical students – A cross-sectional study". ResearchGate. Vol. 25 (1). [Online] Available: DOI: 10.4103/amh.amh_48_23

[69] Safeer, U., Shah, S.A. (2019). "Effect of Test Anxiety on Academic Achievement of University Students". Pakistan Journal of Physiology. Vol. 15, no.2. [Online] Available: https://doi.org/10.69656/pjp.v15i2.890

[70] Rafi, A., Ansar, A., & Sami, M., (2020). "The Implication of Positive Reinforcement Strategy in dealing with Disruptive Behaviour in the Classroom: A Scoping Review". Journal of Rawalpindi Medical College. p.p 24. 173-179, 2020 [Online] Available: https://pdfs.semanticscholar.org

[71] Hembree, R. (1988) Correlates, Causes, Effects, and Treatment of Test Anxiety. Review of Educational Research, 58, 47-77. [Online] Available: https://doi.org/10.3102/00346543058001047

[72] DepEd Order No. 08, S. 2015 [Online] Available: https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2015/04/DO_s2015_08.pdf

[73] Calaguas, G., (2011). "The Link between Academic Achievement and Academic Expectations Stress". Journal of Education and Vocational Research, vol 1 No 3 (2011) [Online] Available: DOI: https://doi.org/10.22610/jevr.v1i3.16

[74] Lisa E. Kim, Arthur E. Poropat & Carolyn MacCann (2016). "Conscientiousness in Education: Its Conceptualization, Assessment, and Utility". Springer Nature Link. p.p 155-185. [Online] Available: https://link.springer.com

[75] Ilustre, R, Catindig, M.,& Dela Cruz, J., (2022)." Anxiously Anxious: How Foreign Language Anxiety Affects Students' Academic Performance". International Journal of English Language Studies,Volume 4(3):63-67 [Online] Available: DOI: 10.32996/ijels.2022.4.3.10

[76] San Jose, A.E., Orbeta, E.D., (2013). "Apprehension in Language Learning Anxiety as Significant Correlate of Oral Performance in English of College Freshmen". Philippine E-Journals. Vol.5, no. 1. [Online] Available]: https://ejournals.ph/article.php?id=2536

[77] Dela Cruz, H.B., Dabalos, L.J.C, Compo, S.C.D., Tañeca, M.T., & Tuastomban, J.L., (2024) "Mga Salik sa Paaralan at Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Filipino". International Multidisciplinary Journal of Research for Innovation, Sustainability and Excellence vol. 1 no. 9, 2024 [Online] Available: https://risejournals.org

[78] Azzahra Z, & Fatimah, F., (2023). "Foreign Language Anxiety and Academic Achievement: Is There Any Relationship in Between?"Culturalistics: Journal of Cultural, Literary, and Linguistics Study Vol 7, No 2 (2023) [Online] Available: https://ejournal2.undip.ac.id

[79] Bensalem, E., (2017) "Foreign Language Learning Anxiety: The Case of Trilinguals". Arab World English Journal (AWEJ) vol 8 Number 1,2017, p.p.234-249 [Online] Available: DOI:https://dx.doi.org/10.24093/awej/vol8no1.17

[80] Dewaele, J & Al-Saraj, T.,(2015). "Foreign Language Classroom Anxiety of Arab Learners of English: The effect of personality, linguistic and socio biographical variables". Studies in Second Language Learning and and Teaching vol 5:205-228, 2015 [Online] Available: DOI: 10.14746/ssllt.2015.5.2.2

[81] Matsuda, S & Gobel, P., (2004). ""Anxiety and predictors of performance in the foreign language classroom". v32 n1 p21-36, [Online] Available: DOI: 10.1016/j.system.2003.08.002

[82] Sylvén, L.K., & Thompson, A.S. (2015). Language learning motivation and CLIL: is there a connection? Journal of Immersion and Content-Based Language Education, 3(1), 28-50. [Online] Available: https://doi.org/10.1075/jicb.3.1.02syl